

Tungkol sa Premium Gift Certificate(Shopping Ticket) sa Anjo Para Suportahan Ang Mga Nag-aalaga sa Bata!

Magbibigay ang Anjo-city ng premium gift certificate(shopping coupon sa mga lokal na tindahan) para suportahan ang mga pamilya na nag-aalaga ng bata sa panahon ng pandemic sa covid-19.

1 Tungkol sa premium gift certificate(shopping ticket sa mga lokal na tindahan)

Magagamit ito sa iba't ibang tindahan at restaurant maliban sa mga big supermarket, mga chain store.May listahan para malaman kung saan magagamit.Pakitingnan ang website na (<https://anjo-premium.jp/>)

- Magkano ang matatanggap? / Presyo : 1000yen × 10(Kabuoan : 10,000yen) sa bawat bata
 - Kailan ito magagamit? : Agosto 6 (Biy.) ,2021 hanggan Enero 31(Lun.),2022
- ※Possibleng may pagbabago ang impormasyon na ito depende sa sitwasyon ng covid-19.

2 Sino ang makatatanggap?

Ang mga pamilya na may anak na ipinanganak mula noong Abril 2,2003 at nakarehistro sa Anjo-city sa Mayo 1,2021.

※Makatatanggap din ang mga bata na ipinanganak pagkatapos Mayo 2 pero kailangan mag-apply hanggan Disyembre 31,2021.

3 Paano matatanggap?

May dalawang paraan na 1 or 2 na nasa baba.

①Hindi kailangang mag-apply ⇒ Nakarehistro na bilang civil sa Anjo-city sa Mayo1.

Ipapadala namin ang ticket hanggan Hulyo gamit ang “YU-PACK”.

※Kasama dito sa mga ipinanganak sa Mayo1 at inireport iyon hanggan Mayo14

②Kailangang mag-apply ⇒May mga ipinanganak o lumipat sa Anjo pagkatapos Mayo2.

May application form sa official website at sa *SHOKO-KA* sa Anjo-cityhall na department No.55.Kapag naaprobahan ang inyong pag-aaply, ipapadala namin

ang ticket sa inyo gamit ang *YU-PACK*.

※Dead line ay Disyembre 31(Biy.),2021 (Puwede din kung nakastamp sa post office sa mismong araw)

※Kung naibalik ang ticket sa cityhall dahil walang tumatanggap o walang magproseso para tanggapin iyon hanggan Enero 31(Lunes),2022, ituturing namin na nagbitiw sa pagtanggap ng ticket.

Tanong at sagot Q & A

Tanong1 : Makatatanggap ba ng ticket kung lumipat na sa ibang city pagkatapos Mayo 2,2021

Sagot1 : Hindi makatatanggap ang mga lumipat sa ibang city mula Mayo 2 hanggan Hunyo 28.

Tanong 2 : Saan ipapadala ng cityhall?

Sagot 2 : Sa address na may bata sa pangalan ng householder

Tanong3 : Ano ang gagawin ko kung ayaw kong tumanggap?

Sagot3 : Ang mga pamilya na hindi kailangan mag-apply ay...

⇒ Pakisuyong magpaalam sa *SHOKO-KA* sa Anjo cityhall tungkol sa inyong pagbitiw hanggang Hunyo 18(Biyernes)

Ang mga pamilya na kailangang mag-apply ay...

⇒ Hindi makatatanggap kung hindi mag-aapply.

Tanong4 : Makakatanggap ba ang mga lumilikas kasama ng anak dahil sa karahasan ng asawa.

Sagot4 : Makatatanggap ang mga lumilikas dahil sa karahasan ng asawa. Kailangan makaabot sa mga kondisyon at mag-apply para matatanggap.Pakisuyong kumonsulta sa *SHOKO-KA* sa cityhall.

Kontakin ang . . .

ANJO-SHI SANGYOKANKYO-BU SHOKO-KA SHOGYOKANKOGAKARI

〒446-8501 ANJO-SHI SAKURAMACHI 18-23

TEL : 0566-71-2235(8:30am hanggan 5:15pm Maliban sa Sabado,Linggo, Holiday at Katapusan at simula ng isang taon)